



Editoryal

Arroyo, desperadong tuta



Desperadong kumakapit si Arroyo sa poder upang patuloy na makapagpabundat sa kurakot at umiwas sa paglilitis pagkatapos ng 2010 sa mga kaso ng pandarambong, paglabag sa karapatang-tao at iba pang krimen laban sa sangkatauhan. Desperado siyang makuha ang basbas ng kanyang imperyalistang amo para manatili siyang presidente. Bilang desperadong tuta, gayon na lamang ang kahanadaan ni Arroyo na isuko ang pambansang kasingilan at ipagkanulo ang interes at mga karapatan ng bayan sa ikasisiya ng mga imperyalistang Amerikano.

Sa loob ng walong taon niyang panunungkulan bilang pinuno ng reaksyunaryong estado ay walang katumbas sa kasaysayan ng papet na republika ang kanyang pangangayupapa sa imperyalismong US. Kaya naman nangangamba siya sa ilang naipakikitung tila baga lumalamig na pakikitungo sa kanya ng kanyang amo.

Ilang linggo pa lamang ang nakararaan nang tumungo si Arroyo sa US. Dito'y hinabol niyang makadalo sa isang padasar kahit di siya imbitado, sa pagbabakasakaling pansiñ siya roon ni Barack Obama, bagong presidente ng US, na nabalitaan niyang dadalo sa okasyon. Sabik na sabik na magpakuha si Arroyo ng litrato kasama si Obama. Pero walang naiuwing litrato si

Arroyo, sa kabilang ginastos niyang \$123 milyon mula sa kabang bayan para lamang sa byaheng ito.

Pinagbigyan siyang makaharap nang sandali ni Hillary Clinton, ang bagong kali-

**Mga tampok sa
isyung ito...**

**Korapsyon ng mga
Arroyo, pinagtakpan**
PAHINA 3

**Protesta laban sa VFA
at Balikatan**
PAHINA 5

**Ang pakikibaka
ng kababaihang
Tumanduk**
PAHINA 8

him ng State Department ng US. Subalit hindi pa rin napagbigyan ang hiling ni Arroyo na dumaan si Clinton sa Pilipinas sa unang importanteng byahe nito sa Asia noong Pebrero para makausap ang itinuturing ng US na mga susing lider sa kontinente.

Para kunwa'y may naiuwi pa rin si Arroyo mula sa US, pinalalabas na lamang ng Malacañang na siya ang nakapagpaapruba sa mumong halagang ibinigay ng gubyerno ng US sa mga buhay pang Pilipinong beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa katunayan, wala naman siyang kinalaman sa pagkakapruba nito.

Halos kasabay ng mga ito, isinwalat kamakailan sa publiko ang mga ulat ng World Bank (WB) na naibahagi na sa mga ahensya ng gubyerno sa Pilipinas noon pang 2006 at 2007. Tinukoy sa mga ulat na ito ang pagkakasangkot ng asawa ni Gloria Arroyo na si Mike sa pangongopo ng mga kontrata sa mga proyektong pinopondohan ng WB at pangingikil sa mga kakutsabang kumppanyang ginagawaran ng naglalakihang kontrata. Kasunod nito'y inilabas ng US State Department noong pagtatapos ng Pebrero

ang "Country Report on Human Rights Practices in 2008" kung saan tinukoy ang laganap na korapsyon ng mga upisyal ng gubyerno at talamak na mga paglabag sa karapatang-tao, bukod sa iba pang umiiral na mga suliranin panlipunan at pangkabuhayan.

Kung tutuusin, wala namang bago sa mga inilabas na ulat ng gubyernong US. Gayunman, nangangamba si Arroyo na maaaring palatandaan ang mga ito ng pagpihit ng patakaran ng US kaugnay ng pagsuporta sa kanyang rehimene.

Nitong nakaraang walong taon, tinamasa ni Arroyo ang basbas ni George W. Bush at ang walang partid na suportang militar, pampulitika at pang-ekonomya ng imperyalismong US kahit batbat ang kanyang gubyerno ng mabibigat na akusyon sa talamak na korapsyon, walang habas na paglabag sa karapatang-tao at pagkakanulo sa bayan. Kapalit ito ng todo-todong pagtaguyod niya sa patakaran "globalisasyon" ng imperyalismo at sa pandaigdigang teroristang gera ng gubyernong Bush.

Habang tinitimbang ng US ang posibilidad ng pagpapalit ng tutang hahawak sa papet na rehimene



sa Pilipinas, patuloy nitong itutulak si Gloria Arroyo para lalo pang maging sunud-sunurang tuta. Sa kanya namang desperasyong patuloy na makuha ang basbas ng bagong administrasyon sa US, handang mangayupapa si Arroyo sa bawat ididiktang patakaran, pakana at pakulo ng kanyang imperyalistang amo. Desperado si Arroyo na patunayang pwede siyang maging tapat na tuta ni Obama.

Sa partikular, asahan nating gagawin ng rehimeng Arroyo ang sumusunod:

- Tiyakin ang pagpapatuloy ng mga *joint military exercises* para tabunan ang pananatili ng mga tropang Amerikano at papalawak ni lang operasyon sa Pilipinas. Sa ilalim ni Arroyo, pinahintulutan ang pagpasok ng paparaming mga tropang Amerikano sa mga territoryo ng rebolusyonaryong kilusan sa Bicol, Panay, Central Luzon, North Central at Southern Mindanao. Bukod ito sa paglahok ng mga tropang Amerikano sa mga operasyon laban sa mga armadong pwersang Moro sa iba pang lugar sa Mindanao kung saan lumalaki ang tuwirang paglahok ng mga interbensyunistang tropa sa mga lokal na operasyon, kabilang ang paniniktik, *aerial surveillance*, pagbibigay ng payo sa mga labanan at aktwal na paglahok sa kombat.
- Suportahan ang Visiting

Nilalaman

Editoryal

Arroyo, desperadong tuta 1

Korapsyon ng mga Arroyo, pinagtatakpán 3

Maalab na protesta laban sa VFA at Balikatan 5

Matatagumpay na opensiba ng BHB

Mga kaswalti ng AFP 6

Isang bukas na liham 7

Pakikibaka ng kababaihang Tumanduk 8

Pananalanta ng pasistang estado

Konsultant ng NDFP, iligal na inaresto 10

Anak ni Ka Parago, pinaslang 10

Muling pagbuhay sa BNPP, tinutulan 12

Kawalang-akson ng DOLE, binatikos 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Forces Agreement (VFA) sa kabilang malawakang sigaw na ibasura na ito. Ito ay kahit napatunayang makaisang panig ang VFA, tulad ng nakita sa pagtanggi ng US na isuko ang kustodiya kay Lance Corporal Daniel Smith, ang sundalong Amerikanong nahatulang nanggahasa sa isang Pilipina noong 2005. Kapalit nito ay umaasa si Arroyo na makatanggap ng mas malaki pang ayudang militar ng US para sa kontra-rebolusyonaryong gera.

■ Paigtingin ang kontra-rebolusyonaryong gera para wasakin kundi man pigilan ang paglawak ng mga anti-imperialistang pwersa sa Pilipinas alinsunod sa mga estratehiyang binalangkas ng mga tagapayong militar ng US.

■ Suportahan ang hegemonistang patakaran ng US, laluna sa mga hakbangin ng rehimeng Obama para higit muling maiwasiwas ng US ang "pandaigdigang pamu-

muno," kabilang ang pagsuporta sa pagpapalaki ng deployment ng mga tropang Amerikano sa Afghanistan at sa pagpapatuloy nito ng teroristang gerang sinimulan ni Bush.

■ Higit pang buksan ang ekonomya ng Pilipinas sa imperialisang "globalisasyon" at pagsasakatuparan ng mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon. Sa ilalim ni Arroyo, asahang ipagpatuloy ng gubyernong Pilipinas ang pagpapatupad ng mga dikta ng International Monetary Fund-World Bank at World Trade Organization kahit pa napatunayan na, na ang mga ito ang nasa likod ng paglala ng permanenteng krisis sa Pilipinas. Maaasahan ng US na itutulak ni Arroyo at kanyang mga alipures ang balak na pagbabago sa konstitusyon ng Pilipinas para tanggalin ang mga probisyong nagbibigay-proteksyon sa pambansang soberanya at patrimonya.

■ Patuloy na ipako sa mababang antas ang sahod at kita ng mamamayan, at supilin ang mga pagtatangka ng mga manggagawang mag-unyon at ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Sa gayo'y magiging kaakit-akit ang Pilipinas sa mga dayuhang mamuhunan.

Sa kritikal na huling taon ni Arroyo bilang papet na presidente, maaasahang masiglang ipamamalas ng mamamayang Pilipino ang kanilang patriyotismo at isusulong ang pakikibaka para ipagtanggol ang pambansang soberanya laban sa pagsalaula rito ni Arroyo. Nanawagan ang Partido sa mamamayang Pilipino na paigtingin ang kanilang kapasyahan at pakikibaka upang lubos na makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya at mabigyang-wakas ang panghihimasok ng US at ang pampulitika at pang-ekonomiyang pambubusabos, pandarambong at panunupil. AB

Korapsyon ng mga Arroyo, pinagtatakpan

Kabi-kabila ang pagsambulat ngayon ng napakarami nang kasu ng dambuhalang korapsyon ng mag-asawang Gloria at Mike Arroyo at mga ali-pures nila. Matagal nang nakabimbin ang mga naisam-pang kasong ito sa Office of the Ombudsman, ngunit binuburo lamang ang mga ito ni Merceditas Gutierrez, pinuno ng Ombudsman. Malinaw na pinoproteksyunan niya ang dating kaklase at malapit na kaibigan niyang si Mike Arroyo at ang asawa nito.



Tampok sa mga kasong nagtambak sa Ombudsman ang pagmamanipula ng *bidding* para sa mga proyektong konstruksyon pinopondohan ng World Bank (WB). Nilaman ng sunud-sunod na mga ulat ng WB ang mga detalye hinggil sa anomalyang ito. Ayon kay Bert Hofman, World Bank *country director* sa Pilipinas, tatlong taon na ang nakararaan mula nang unang pormal na paabutan ng WB ang Department of Finance (DoF), Department of Public Works and Highways (DPWH) at Office of the Ombudsman sa nangyayaring katiwalian sa proseso ng *bidding* para sa mga kontrata sa konstruksyon ng \$33-milyong proyektong National Roads Improvement and Management Program 1 (NRIMP1). Wala namang ginawa ang DoF at DPWH kundi ipasa sa Ombudsman ang kopya ng mga natanggap nilang sulat at dokumento mula sa WB at wala ring ginawa ang Ombudsman kundi itago ang mga ito.

Mga apat na dokumento na ang naisusumite ng WB sa nabanggit na mga ahensya ng gubyernong Arroyo mula pa noong 2006. Noong Nobyembre 2007, ipinasa sa upisina ni Ombudsman Gutierrez ang siyam-

na-pahinang “referral report” na nagsusuma ng mga katiwalian. Katalud ng mga naunang ulat, itinago lamang ito ni Gutierrez at di inaksyunan.

Sa huling pagdinig ng Senado noong Pebrero 24, tuluyan nang isiniwalat ni Hofman na ang asawa ni Gloria Arroyo na si Mike Arroyo ay sangkot sa isang cartel ng mga kontratista at ilang matataas na upisyal ng gubyerno na nagsasabwatan sa pagkopo ng milyun-milyong dolyar na mga proyekto ng World Bank at pagkuha ng kikbak dito.

Malinaw sa mga dokumento ng WB ang pag-iral ng naturang cartel sa ilalim ng pamumuno ni Mike Arroyo na nagmamanipula at nagluluto ng mga proyekto ng WB sa Pilipinas na kunwa'y dumaan sa totoong *bidding*. Umaabot sa 50 lokal at dayuhang kontratista ang kinapanayam ng WB at nagsilbing saksi sa mga katiwaliang ito.

Tampok sa mga pinangalanang ulat ng WB na sangkot sa mga katiwalian sina Mike Arroyo at ang mga pinuno ng E.C. de Luna Construction Corp., Cavite Ideal International Construction and Development Corp., CM Pancho Construction at apat na kumppanyang Chinese.

Tinukoy din sa ulat ng WB ang matataas na upisyal ng gubyernong Arroyo, kabilang ang dating kahim ng DPWH na si Florante Soriquez, si DPWH Project Director Lope Adriano at mga Region IV-A Assistant Director na sina Huillio Belleza at “Tito” Miranda, at mga alyado ng mga Arroyo sa mga Committee on Public Works ng Kongreso at Senado na sina dating Sen. Robert Barbers, Kong. Prospero Pichay at Kong. Jacinto Paras.

Bunsod ng kawalang-aksyon ng Office of the Ombudsman sa mga kaso ng katiwaliang idinulog sa

Malinaw sa mga dokumento ng WB ang pag-iral ng naturang cartel sa ilalim ng pamumuno ni Mike Arroyo na nagmamanipula at nagluluto ng mga proyekto ng WB sa Pilipinas na kunwa'y dumaan sa totoong *bidding*. Umaabot sa 50 lokal at dayuhang kontratista ang kinapanayam ng WB at nagsilbing saksi sa mga katiwaliang ito.

upisina nito, nagsampa ng kasong *impeachment* sa Kongreso laban kay Gutierrez nitong Marso 2 sina dating Senate President Jovito Salonga at 30 iba't ibang personahe at organisasyon, kabilang ang mga progresibong partidong Bayan Muna, Anakpawis at GABRIELA. Anila, mula nang pamunuan ni Gutierrez ang Office of the Ombudsman noong Disyembre 2005, hindi siya pu-mapel bilang “tagapagtanggol ng mamamayan” kundi “tagapagtanggol ng mga pinakamakapangyarihan at pinakatiwali sa gubyerno.” Kasabay nito, nanawagan ang ilang senador na magbakasyon o magbitiw na si Gutierrez para hindi niya umano maimpluwensyahan ang takbo ng kaso habang dinidinig ito sa Kongreso.

Ang kasong *impeachment* laban kay Gutierrez ay isinampa sa harap ng sunud-sunod na pagkakabunyag ng mga kaso ng korapsyon na kinasasangkutan ni Mike Arroyo na wala man lamang ginawa ang Ombudsman. Kabilang din sa mga kasong inupuan ni Gutierrez ang iskandalong Mega Pacific kaugnay ng kompyuterisasyon ng bilangan sa halalan na kinasasangkutan ni dating Comelec Chairman Benjamin Abalos; ang multi-milyong dolyar na mga proyektong pinopondohan ng WB; at ang pagpupuslit ng tinaguriang “Euro generals” ng pera sa ibang bansa. Tinukoy din ang mabagal na pag-akto at pagpapalabnaw sa kasong pandarambong tungong

ekstorsyon laban sa noo'y Justice Secretary Hernani Perez.

Bago pa ito, nitong katapusang Pebrero ay tinapos na ng Senado ang mahigit apat na taon nang imbestigasyon sa P728-milyong “fertilizer scam” (katiwalian sa pagbili at pamamahagi ng abono). Mula sa mga testimonya at ebidensyang natipon at nasuri ng Senado, sinampaahan ng kasong pandarambong sina dating Department of Agriculture Undersecretary Jocelyn “Jocjoc” Bolante, malapit na kaibigan at tagahawak ng pondo ni Mike Arroyo; ang mga nakasabwat niya sa kagawaran na sina Undersecretary Belinda Gonzales and dating DA Assistant Secretary at ngayo'y GSIS Vice President Ibarra Poliquit; at iba pang nakasabwat niyang mga upisyal ng Feshan Philippines, kabilang ang presidente at bise presidente nitong sina Julie Gregorio at Redentor Antolin at iba pang employado at ang tagapamagitan nitong sina Marilyn Araos, Marites Aytona at Jaime Paule.

Tinukoy sa ulat ng Senado na ang akto ng mga ito ay akto na rin ni Gloria Arroyo. Malakas ang hinala na ang pondong sangkot sa “fertilizer scam” ay ginamit sa kampagna ni Arroyo sa eleksyon noong 2004.

Asahang mapapabilang din ang kasong ito sa iba pang kaso ng katiwalian na kinasasangkutan ng mag-asawang Arroyo na uupuan na naman ng Ombudsman.

AB

Maalab na protesta laban sa VFA at Balikatan

Umaalab ang mga protesta laban sa tagibang na US-RP Visiting Forces Agreement (VFA) at Balikatan exercises ng tropang Amerikano at Armed Forces of the Philippines (AFP) nitong nakaraang mga linggo. Pinakamaigting ang mga protesta sa mga syudad ng Bicol kung saan idaraos ang Balikatan sa darating na Abril.

Umabot sa isang daang sasakyang ang lumahok sa isang *caravan* sa Bicol mula Pebrero 23 hanggang 25 sa pangunguna ng Ban Balikatan o Bicolano Alliance for Nationalism Against Balikatan, isang aliansa ng mga organisasyon sa buong Kabikulan. Nagtapos ito sa isang demonstrasyon sa Legazpi City na nilahukan ng tinatayang 20,000 katao at kinatampukan ng pagsunog sa 25 bandila ng US.

Matagumpay ang mga protesta sa kabilang panunupil, pananabatahe, harassment at pananakot ng militar sa rehiyon.

Nagrali naman ang mga kasapi ng BAYAN sa harap ng embahada ng US noong Pebrero 25. Marahas na binuwag ng mga pulis ang hanay ng mga demonstrador kung saan nagtamo ng malubhang sugat ang isang estudyante matapos hampasin ng *shield* ng pulis. Muling naglunsad ng rali ang kababaihan at kabataan sa harap ng embahada ng

US nitong Marso 2 at 5. Marahas muling binuwag ang mga raling ito.

Suportado ng iba't ibang sektor at personalidad ang panawagang ibasura ang VFA. Ipinahayag ni Chief Justice Reynato Puno na dahil sa VFA, nagiging "lasog-lasog ang ating soberanya," dahil hindi naman ito kinikilala ng US na tratado habang ipinatutupad ito bilang tratado ng gubyerno ng Pilipinas. Ayon naman kay Associate Justice Antonio Carpio, "katangahan" para sa Pilipinas na ipatupad ang isang tratado na hindi kinikilala ng US na bahagi ng kanilang batas.

Noong Pebrero 26, nagsampa sa Korte Suprema ng petisyon upang muling pag-aranan ang tratado. Kabilang sa mga nagpetisyon ang biktima ng panggagahasa ng sundalong Amerikano na si "Nicole," mga dating senador na sina Jovito Salonga at Wigberto Tañada, BAYAN, Gabriela Women's Party at Bayan Muna, Gabriela at ang Public

Interest Law Center, sa pamamagitan nina Atty. Harry Roque Jr., Evalyn Ursua at Neri Colmenares.

Pananakot at panunupil. Tumitindi ang mga paglabag sa kapatang-tao sa Bicol sa harap ng pinaigting na mga operasyon ng militar at pulis para "hawanin" ang

daan para sa Balikatan.

Namatay ang labing-anim na buwang gulang na batang si Raphaela Polvorido matapos paulunan ng granada ng mga tropa ng 901st Bde ang kanilang bahay sa Barangay Balanac, Ligao City, Albay noong Pebrero 18, dakong alas-11:30 ng umaga. Nasugatan din ang anim pang bata at ang kanilang mga ina. (*Tingnan ang detalye sa nakaraang isyu ng AB*)

Inirereklaamo naman ng ilang residente na nakaaabala sa kanilang paghahanapbuhay ang presensyang militar sa kanilang lugar. Inilat ng mga namamasada ng dyip na nakaranas sila ng harassment nang pagtatanunin ng pulis ang kanilang mga pangalan. Alinsunod raw ito sa utos ng militar. Maging ang mga paaralan tulad ng Aquinas University at Bicol University ay pinasok ng mga operatiba ng militar. Nagpapatupad rin ng *curfew* sa mga lugar na malapit sa mga pasilidad pandagat ng AFP, na inaasahang gagamitin ng mga tropang Amerikano.

Noong Pebrero 23-25, ilang tsekpoyn ang ipinwesto sa iba't ibang bayan sa Camarines Sur at Sorsogon upang harangin ang *caravan* laban sa VFA at Balikatan. Sa ilang tsekpoyn, nakapwesto mismo ang mga tropang Amerikano.

Sa Magallanes, Sorsogon, inagaw ng mga elemento ng 3rd at 7th Scout Ranger Company ang ilang gamit at pagkain ng mga demonstrador at ang uling na panluto ng mga delegado at itinapon ito sa daan. Sa Sorsogon City, pinaligiran ng 50 armadong sundalo at pulis ang Rizal Park kung saan nagdaos ng programa ang mga nagpuprotesta. Kinagabihan, tinangka ng mga operatiba ng Military Intelligence Battalion na dukutin si Jariz Vida, *secretary general* ng Bayan Muna-Camarines Sur.

Hinaras ng AFP ang mga drayber at mamamayan sa Guinobatan at





Jovellar sa Albay upang pigilan silang lumahok sa kilos-protesa. Matindi rin ang militarisasyon sa mga baybaying komunidad sa Albay. Nagsasagawa ang militar ng mga pagpupulong at ipinatatawag ang mga punong barangay upang himuking suportahan ang Balikatan. Nagtalaga ito ng pwersa sa Tabaco City at barangay ng Joroan, Bano at Nagas sa bayan ng Tiwi.

Hindi "humanitarian mission." Lulan ng mga barkong pandigma at F16 na eroplanong pandigma, aabot sa 6,000 sundalong Amerikano at 2,500 sundalo ng AFP ang lalahok sa Balikatan na ang layunin umano'y pawang magbigay ng "humanitarian assistance" sa mamayang sinalanta ng mga sakuna. Subalit naniniwala ang marami na hindi "humanitarian mission" ang pakay ng paglulunsad ng Balikatan sa Bicol, kundi pagsangkot ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong kontra-gerilya laban sa mga rebusyonaryong pwersa sa rehiyon.

Naniniwala si Prof. Jocelyn Bisuña, tagapagsalita ng Ban Balikatan, na hindi lamang pagpapel bilang mga duktor at dentista ang pakay ng mga tropang Amerikano sa pagtungo sa Bicol. Nabunyag na noong kalagitnaan ng Enero, nag-ikot ang isang upisyal ng US Navy sa mga ospital sa Albay at nagtatanong hinggil sa mga ekspererto at pasilidad ng *orthopedic*. *Orthopedic* ang isa sa karaniwang sangay ng medisina na gumagamot sa mga sugat sa digmaan.

Noong Enero 29, isang *unmanned aerial vehicle* (UAV) ng US naman ang bumagsak sa pagitan ng mga bayan ng Esperanza at Pio V. Corpuz sa Masbate. Ginagamit ang mga UAV sa pagsasarbey ng mga erya, kadalasa'y para sa pakidigma.

Nagsasagawa rin ng sensus ang mga tropang Amerikano sa mga bayan ng Masbate. AB

Patung-patong na mga kaswalti ng AFP

Tatlumpu't anim na tropa ng militar ang napatay at sampa ang nasugatan sa magkahiwalay na mga labanan sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) nitong nagdang ilang linggo. Limang ripleng M16 at tatlong *shotgun* ang na-kumpiska ng mga gerilyang bayan.

Marso 3. Tatlong elemento ng 74th IB ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng BHB habang nagpapatrulya sa Barangay Tagbacan Ilaya, Catanauan, Quezon.

Marso 1. Anim na sundalo ng 29th IB ang napatay, kabilang ang *company commander* nila na si 1Lt. Ricardo Naguiat at tatlong iba pa ang nasugatan sa serye ng mga labanan sa pagitan ng militar at mga Pulang mandirigma ng Front 6 ng BHB sa Sityo Tinopongan, Barangay Sta. Cruz, Quezon, Bukidnon. Apat na ripleng M16 ang nasamsam ng mga gerilya.

Pebrero 21. Isang sundalo ang napatay at tatlong iba pa ang nasugatan mula sa 3rd Special Forces Battalion ng Philippine Army nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma. Pinasabugan ng BHB ang sinasakyang trak ng mga sundalo sa Sityo Malaga, Barangay Dalisay, Panabo City, Davao del Norte.

Pebrero 18. Isang ripleng M16, tatlong *shotgun*, isang granada at tatlong *rifle grenade* ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Herminio Alfonso Command (HAC)-BHB sa isang reyd laban sa armadong panatikong grupong Bagani Warriors sa Sityo Tagaytay, Barangay Mahungcog,

Magpet, North Cotabato. Napatay din ang pinuno nito na dating sarsento ng militar nang manlaban at magtangkang mang-agaw ng baril habang kinakausap siya ng mga gerilya.

Ayon kay Ka Isabel Santiago, tagapagsalita ng HAC-BHB, isinagawa nila ang operasyong disarma matapos ipaabot sa kanila ng mga taumbaryo ang mga reklamo hinggil sa maraming pang-aabuso ng Bagani Warriors. Ang armadong panatikong grupong ito ay itinatag at suportado ng Task Force Gantangan ng AFP upang maghasik ng teroristang lagim sa hanay ng mga Lumad at hawanin ang daan sa pang-aagaw ng lupa ng mga burukrata kapitalista at dayuhang kumpanya.

Pebrero 14-17. Walong sundalo ng 41st IB at 5th ID Recon Company ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang salakayin ang mga ito ng mga yunit ng Agustin Begnalen Command ng BHB-Abra sa erya ng maliitang pagmimina ng Lacub, Abra. Ito ay makaraang paigtingin ng AFP-PNP ang mga operasyon nito sa erya ng pagmimina matapos ipag-utos ni Sec. Gilberto Teodoro ng Department of National Defense na bigyang-proteksyon ang malalaking kumpanya sa pagmimina.

Enero 31. Dalawampung troopa ng 53rd IB ang napatay nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma ng Front Feliciano-BHB habang naglulunsad ng operasyong militar sa Sityo Laknapan, Barangay Gibo, Siayan, Zamboanga del Norte. Dalawang Pulang mandirigma ang nagbuwis ng buhay sa isang oras na labanan. AB

Sa mga elemento ng CAFGU

Isang bukas na liham

[Ang sumusunod ay halaw sa bukas na liham ni Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng Cordillera People's Democratic Front para sa mga elemento ng CAFGU, tropa at upisyal ng AFP at mga pulis.]

Noong Enero 22, binaril at napatay ni Jose Wayangen, isang elemento ng CAFGU mula sa Betwagan, Sadanga, Mountain Province si Sgt. Pauig Pattaguan ng 77th IB sa detasment ng yunit-militar na ito sa Tocucan, Bontoc. Nakita sa pangyayaring ito ang likas na pagkakawatak-watak ng pasistang armadong pwersa bunga ng pang-aabuso, diskriminasyon at korapsyon mula sa pinakamataas na kumandhanggang sa pinakamababang ranggo ng sundalo at milisya.

May hangganan ang kayang tising abuso at pang-aapi ng kahit pinakamababang pwersang milisya. Noong araw na iyon, may iniutos si Pattaguan kay Wayangen. Ginawa ni Wayangen ang ipinag-utos ni Pattaguan. Subalit pinagalitan pa rin siya ng sarhento. Di pa nakuntento rito, piningot pa ni Pattaguan ang tainga ni Wayangen. Sa sobrang galit ni Wayangen, kinuha niya ang kanyang ripleng M14 at binaril niya nang apat na beses si Pattaguan. Matapos ito ay tinawag

niya ang kanyang mga kapwa mili-syang lahat ay taga-Betwagan upang lisanin na ang kampo. Sam-pu ang sumama kay Wayangen.

Tinatratato ng AFP ang mga elemento ng CAFGU bilang mababa-bang uri ng nilalang. Ginagawa silang pambala ng kanyon at mga alipin. Sa mga operasyong kombat, sila ang pinapauna at ginagamit na pananggalang ng mga pwersang militar. Napakababa na nga ng kanilang sahod ay kadalasang nabi-bimbin pa ito. Ang sahod ng pinakamababang ranggong sundalo ay katumbas ng alawans ng apat na elemento ng CAFGU.

Ang pagpatay ni Wayangen kay Sergeant Pattaguan ay isa lamang sa maraming katulad na kaso. Marami nang elemento ng CAFGU ang nakapatay ng regular na mga tropa. Marami na ring tropang mababa ang ranggo ang nakapatay ng kanilang mga upisyal. At marami na ring nakababatang upisyal ang nag-alsa laban sa kanilang mga heneral at *commander-in-chief*. Battat ng ligalig ang pasistang armadong pwersa dahil sa kultura ng karahasan, korapsyon, diskriminasyon at kasa-kiman sa loob ng AFP. May diskriminasyon ang mga upisyal laban sa mga tauhan nila; may diskriminasyon ang mga tropa laban sa CAFGU; may dis-

kriminasyon ang mayorya laban sa pambansang minorya. Si Wayangen ay dukha, di nakapag-arat at Igorot na elemento ng CAFGU na naninilbihan sa isang hukbong umaalipusta sa kanya. Gumanti siya sa paraang katulad ng pagtrato sa kanya—marahas. Ang tawag ng iba rito ay hustisa.

Nananawagan ang Cordillera People's Democratic Front sa lahat ng elemento ng CAFGU, mga tropa at nakababatang upisyal ng pasi-tang armadong hukbo at sa mga pulis na surin ang kanilang sitwasyon at tingnan kung papaano inilalagay sa panganib ng kanilang mga heneral at *commander-in-chief* ang kanilang buhay habang ang mga ito ay nagpapakasasa sa yamang galing sa korapsyon, *jueteng*, iligal na droga at iba pang krimen. Nakahanda ba kayong mamatay para sa mga taong kung tratuhin kayo ay parang alipin?

Ang tunay na patriyotismo at paglilingkod sa sambayanan ay nangangahulugan ng pagtindig laban sa mga nang-aapi at nagsasamanta sa mayorya ng mamamayan. Marami kayong mapagpipiliang paraan ng pagsapi o pagsuporta sa armadong rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang demokrasya. Una, maaaring tumiwalag ang mga elemento ng CAFGU, kari-niwan sundalo at nakababatang upisyal na bitbit ang kanilang mga armas at sumanib sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa mga gus-tong manatili sa AFP at PNP, maaari kayong sumapi sa Lt. Crispin Tagamila Movement, ang mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng mga kasapi ng pasistang armadong hukbo. Ikalawa, huwag kayong sumunod sa mga utos lalo na kung kontra ito sa mamamayang Pilipino at magsisilbi lamang sa interes ng naghaharing uri. Ikatlo, tumiwalag kayo sa armadong pwersa ng reaksyunaryong estado at maging sibilyan muli.

AB



2 sibilyan, patay sa panghoholdap ng CAFGU

DALAWANG sibilyan ang napatay at isa ang nag-aagaw buhay matapos ang madugong panghoholdap na isinagawa ng mga elemento ng CAFGU at militar sa mga pasahero ng dyip sa Sityo Macaraoy, Barangay Boton, San Miguel, Catanduanes noong Pebrero 12, alas-4 ng madaling araw.

Ang mga namatay ay sina Perfecto Mendoza at Salvacion Tatel, habang nasa kritikal na kundisyon naman sa ospital si Salve Olapani-Tropel. Si Mendoza ang drayber ng dyip na hinoldap samantalang sina Tatel at Tropel ay mga pasahero.

Ayon sa Nerissa San Juan Command ng BHB-Catanduanes, ang mga salarin ay sina Gilbert Lucero Ebo, Ricky de Mesa, Janedy Brequillo Agulto at Vir Ian Ganje Lunas. Sina Ebo, De Mesa at Brequillo ay mga elemento ng CAFGU na naka-talaga sa Boton Detachment "E" Company, 22INF (CAFGU) Battalion, Philippine Army. Si Lunas, ang pinuno ng grupo na nangholdap, ay regular na sundalo. Armado sila ng mga M14 at M16.

Si Mendoza ay pinababa, agad binaril at ninakawan ng P20,000. Ninakawan din ng mga *cellphone* at pera ang ibang pasahero.

Natagpuan ang duguan at hubad na bangkay ni Tatel sa may baybay ng kalapit na Bato River. Pinagkukulata ng mga salarin ang kanyang ulo. Si Tropel naman ay ginahasa at pinagsasaksak. Pinaghahampas din ng isang matigas na bagay ang kanyang mukha.

Noong una'y itinanggi ng militar na may sangkot na mga elemento ng CAFGU sa brutal na pagpatay at panghoholdap. Kalaunan ay ina-min ni Col. Ariel Bernardo, hepe ng 901st Bde na mga elemento ng CAFGU ang nagholdap pero hindi niya binabanggit na regular na sundalo ang namuno sa mga ito. **AB**

Ang pakikibaka ng kababaihang Tumanduk

Malayo na ang narating ng mga tribong Tumanduk sa kanilang pakikibaka para sa lupa at kabuhayan at sa particular na kilusan para sa pagpapalaya ng kababaihan. Sila ang tribo na pinakamalaki at pinakamatagal sa mga katutubong grupo sa Panay mula pa noong bago dumating ang mga kolonyalistang Espanyol. Tinatayang ang populasyon nito ngayon ay 33,000—15,000 sa bayan ng Tapaz, 6,000 sa Jamindan (parehong sa Capiz) at 12,000 sa Calinog, Iloilo. Umaabot sa 33,310 ektarya ng komunidad nito sa Tapaz at Jamindan ang inaangking bahagi ng kampong militar ng 3rd Infantry Division ng Philippine Army.

Mula nang maideklara itong "military reservation," pwersahang pinagbabayad ng militar ang mga taumbaryo ng "tumado" o upa tuwing anihan. Kasabay nito ang mga pang-aabuso sa kanila ng Philippine Constabulary (PC), Philippine Army (PA), Civilian Home Defense Forces (CHDF) na ngayon ay Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU). Ang hindi nagbabayad ng renta ay sinasaktan, pinapatay at pinagsasaman-talahan ng militar ang kababaihan.

Nagsimulang maging buo at organisado lamang ang mga pagkilos ng mga tribong Tumanduk nang dumating sa eryang ito ang unang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla ng Panay no-

ong huling bahagi ng 1971.

Ang natatanging papel ng mga kababaihang Tumanduk ay nailahad sa panayam ng *Ang Bayan* (AB) sa ilan sa kanilang mga lider-kababaihan.

Ang kalagayan ng kababaihang Tumanduk noong wala pa ang rebolusyonaryong kilusan ay "kahalintulad ng hayop sa gubat," ani Nanay Ason, isa sa mga lider-kababaihan. "Hindi kami marunong magbasa't magsulat." Walang interes ang kanilang mga magulang na pag-aralin sila dahil mag-aasawa lamang umano sila, paliwanag ni Ka Goyang, isang kadre ng larangang gerilya. Isa pa ay malayo sa kanilang baryo ang paaralan. Dagdag pa rito'y kinukutya sila dahil sila ay mga tagabundok.

"Sa kilusan na ako nakapag-aral. Dito ako natutong magbasa't magsulat. Ang rebolusyonaryong kilusan lamang ang siyang nakapagbago sa aming kalagayan," pagtatapat ni Ka Goyang.

Halos sunud-sunuran lamang sila sa kung ano ang naisin ng kanilang mga asawa't magulang, sabi ni Nanay Ason. "Kahit sa aming pag-aasawa'y mga magulang namin ang umaasikaso. Tumatanggap ng bayad ang mga magulang ng babae mula sa pamilya ng lalaking mapapangasawa ng kanilang anak." (Mas malahang halaga ng isang babae kung siya ay isang *binukot*¹.)

¹Ang "binukot" ay anak na babaeng pinipili ng magulang para alagaan upang makakuha ng malaking kabayaran sa kasal. Ikinukulang ang mga "binukot" sa madilim na kwarto at binibigyan lamang ng pagkain at iba pa nilang pangangailangan. Hindi sila pinagtatrabaho at hindi sila maaaring silayan ng araw hanggang sa araw ng kanilang kasal. Sila ang karaniwang pinagsasaulo ng mga epiko ng tribo.

"May gusto ka man o hindi'y pilit mong tatanggapin ang lalaki. Kini kami. Tuwing may dumating na bisita ay pumapasok kami sa kuarto. Sarado ang pinto nito. Mga lalaki lamang ang humaharap sa bisita."

"Bahagi ng kulturang Tumanuk na kahit sa pag-aasawa ay kasa-kasama mo pa rin ang kanilang mga magulang," sabi ni Ka Goyang. Kaya nahirapan siya noong magpasyang magpultaym sa Hukbo. "Nang dumating ang BHB, unti-unti kamig namulat," ani Nanay Ason. "Pinaliwanagan nila kami ng aming mga kapatagan. Anila, kaming mga babae ay may karapatan din dahil mga tao rin kami. Unti-unting naunawaan ng kababaihan na may mahalagang responsibilidad rin sila sa komunidad at may kapareho ring mga karapatan tulad ng kalakihan."

"Nasubukan ang kaka-yahan ng kababaihan noong batas militar dahil sila ang humaharap sa (Philippine) Army," paglahad ni Nanay Ason. May mga labanang nagaganap na noon sa pagitan ng BHB at tropa ng PC at Army. May "commando unit" ding pinamumunuan ng isang beterano ng gera sa Vietnam, si Sgt. Nick Roca. Parang isang "death squad" ito na kinabibilangan ng mga "rebel returnee" at mga kriminal na nangungulimbat, nanggagahasa ng kababaihan at namumugot ng mga lalaking Tumanduk.

Paparating pa lamang ang kaaway ay nagsisitakbuhan na para magtago ang mga lalaki. Ang mga babaeng naiiwan sa baryo ang siyang humaharap sa kaaway. "Di ba-le nang gahasain kami, basta't hu-

wag lamang patayin ang mga angkan namin," ani Nanay Ason.

Ang lolo noon ni Ka Goyang ay pwersahang pinagbabayad ng militar ng "tumado" tuwing anihan. Kadalaan sa anyo ito ng ilang kabang palay batay sa dami ng binhing itinanim. Bukod sa pangangamkam ng militar, ang mga panginoong maylupa na karamihay tagapatag ay nang-agaw din ng mga lupa ng mga Tumanduk. Nani-



ningil din sila ng upa sa mga kai-ningin ng mga Tumanduk.

Nang mamulat at maorganisa na ng BHB ang mga Tumanduk, itinigil na nila ang pagbayad ng upa sa militar. Lumaban na sila sa militar kahit pa binabantaan silang patayin.

Malayo na ngayon ang naabot ng aming kabuhayan, ani Ka Goyang. Inorganisa sila ng Partido at Hukbo sa mga grupo para mapau-
lad ang kanilang kabuhayan.

Noong una, pagkatapos ng kai-ningin ay lilipat na naman sila sa ibang lugar na pwedeng makai-ningin. Noong dumating ang mga kasama ay kakaunti ang kanilang pananim. Kasa-kasama nila sa ma-liit na kubo ang kanilang mga manok, baboy, aso at iba pa.

Sa ngayon, malawak na ang mga taniman nila ng saging, kape at mani. Dahil sa pag-unlad ng produksyon, may nakapag-aaral na sa elementarya, hayskul at may mga naging guro na. Maraming matatanda na ang marunong ngayong magbasa't magsulat dahil sa programang literasiya ng kilusan.

Aktibo nang lumalakihok ang kababaihang Tumanduk sa mga organisasyon ng mga magsasaka. Ang iba sa kanila'y nahirang na mga tagapangulo ng organisasyong masa at kalihim ng mga sangay ng Partido sa lokalidad. Marami-rami na rin sa kanila ang naging buongpanahong Pulang mandirigma ng BHB at naging mga kadre ng Partido. Katunayan, pinarangalan noong 2006 ang umaabot sa 80 martir na Tumanduk na nagbuwis ng kanilang buhay mula pa noong batas militar. Kabilang dito sina Ismael Giganto (Ka Bob), Ka Randa (isang "binukot" na naging iskwad lider at napatay noong 1987 sa isang labanan sa Maayon, Capiz), at si Elena Gardose, kinilala ng Cultural Center of the Philippines bilang mangangawit ng "ambahan," (isang uri ng tula) at "sugidanon" o epikong bayan.

Nang pumanaw siya sa edad na 110 taon, inukit sa puntod ni Lola Elena ang mga katagang "Lupa ay dapat bawiin."

AB



Konsultant ng NDFP, iligal na inaresto

Iligal na inaresto ng mga militar at pulis ang isang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan. Wala ring patid ang pagsalbeyds at pagpapahirap ng mga tropa ng AFP sa mga sibilyang pilit na isinasangkot sa armadong kilusang rebolusyonaryo.

Marso 3. Napatay si Domingo Barbado at malubhang nasugatan si William Arroyo, parehong mangisda, nang walang pakunda-

ngang paputukan ng mga elemento ng 42nd IB ang isang grupo ng 15 mangingisdang naglalayag sa Lagunoy Gulf, sakop ng Barangay Adianga, San Jose, Camarines Sur. Para pagtakpan ang kanilang krimen, sinabi ng militar na napagkamalan umanong mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga mangingisda kahit hindi sila armado. Bago ito, noong Pebrero 13 ay pinatay din ng mga sundalo ng 42nd IB sa may baybayin ng La-

huy Island, Caramoan si Eli Brace-ro, isa ring mangingisda, dahil naglalayag siya sa lugar na nakaresba para sa eko-turismo. Noon namang Enero ay namatay si Victor Panuelos, isang sibilyang taga-Sta. Maria, Presentacion, Camarines Sur nang mamaril ang mga sundalo ng 42nd IB habang tinutugis si Joseph Mendez, isa pang sibilyang iligal nilang inaresto, tinortyur at pinagnakawan at pinaratangang myembro ng BHB. Ang pinaiigting na terorismong militar ng 42nd IB sa lugar ay kaugnay ng *clearing operations* nito bilang paghahanda sa Balikatan *exercises* na ilulunsad rito sa Abril.

Pebrero 24. Dinampot ng mga elemento ng ISAFP, PNP CIDG at 8th ID si Eduardo Sarmiento sa Alabang, Muntinlupa, Metro Manila. Iligal ang pagdakip kay Sarmiento dahil siya ay konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan at may proteksyon sa ilalim ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees.

Tinamnan si Sarmiento ng granada nang siya'y arrestuhin para di siya agad makapagpyansa. Isinasangkot siya ng militar sa gawa-gawang kasong *multiple murder* kaugnay ng purgahan umanong naganap sa Inopacan, Leyte noong 1985.

Bago ito ay iligal ding inaresto, tinortyur at iniuugnay sa parehong kaso sa Inopacan, Leyte si Remegio Burac, istap ni Sarmiento. Si Burac ay dinampot habang sakay ng bus sa Lavezares, Northern Samar noong Enero 27.

Pebrero 22. Dalawang magsasakang napatay ng mga elemento ng 29th IB sa Barangay Lipa, Quezon, Bukidnon ang pinalalabas na mga myembro umano ng BHB para makatakas sa pananagutan ang mi-

Anak ni Ka Parago, pinaslang

Walang awang pinatay ng mga berdugo ng rehimeng US-Arroyo ang anak ni Leoncio Pitao, mas kilala bilang Ka Parago, pinuno ng Pulang Bagani Command ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Mindanao. Natagpuan ang bangkay ni Rebelyn Pitao, 21, na lulutang-lutang sa isang ilog sa Carmen, Davao del Norte noong Marso 5. Ginahasa muna si Rebelyn bago pinatay. Iniulat ng pamilya na nawawala si Rebelyn noong Marso 4. Ayon sa mga saksi, nakasakay sa traysikel si Rebelyn kasama ng dalawa pang pasaherong lalaki, nang bigla itong harangin ng isang puting *van* na may plakang LPG 588 sa may Sityo Bago Aplaya, Barangay Bago Gallera, Talamo District, Davao City, bandang alas-6 ng gabi. Itinulak ng dalawang lalaking pasahero ang drayber ng traysikel at pilit nilang isinakay sa *van* si Rebelyn. Agad namang ipinagbigay-alam ng drayber sa ina ni Rebelyn ang pangyayari.

Kinundena ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at mga progresibong organisasyon ang kahindik-hindik na krimen. Anito, malinaw na bahagi ng estratehiya ng militar ang ganitong mga krimen laban sa Bagong Hukbong Bayan at lahat ng mga kumakalaban sa rehimeng Arroyo.

Sinabi rin ni Luis Jalandoni, tserman ng NDFP *peace panel*, na di maaaring buhayin ang formal na negosasyong pangkapayapaan ng NDFP at rehimeng Arroyo dahil bukod sa iba pang paglabag ng rehimeng Arroyo sa mga pirmado na dating kasunduan at patuloy na pagkakakulang ng ilang konsultant ng NDFP, ang brutal na pagpaslang kay Rebelyn ay lantarang paglabag sa karapatang-tao at sa CARHRIHL. Aniya, pananagutan nina Gloria Arroyo at Executive Secretary Eduardo Ermita ang karuma-dumal na krimeng ito.

Katatapos lamang pumasa ni Rebelyn ng *board exam* para sa mga guro at katatanggap lamang niya bilang titsier sa St. Peter's College sa kalapit na distrito ng Toril.

AB



litar. Sina Emily Ratilla at Danilo Ginanat ay nadamay sa labanan ng BHB at AFP at kinilala na ng punong barangay ng Lipa at meyor ng Quezon na mga ordinaryong sibilyan lamang. Kaugnay nito, umaabot na sa 75 pamilya mula sa mga baryo ng Lipa, Sta. Cruz at Kiburia (lahat sa bayan ng Quezon) ang napilitang lumikas at pansamantalang naninirahan sa mga *barangay hall* at plasa sa kanilang mga baryo at karatig na mga lugar.

Pebrero 12. Dalawang magsasaka mula sa Paquibato District, Davao City ang pinagbubugbog ng mga elemento ng 3rd Special Forces. Bago ito, noong Pebrero 7 ay isang residente rin ng naturang lugar ang tinamaan sa istraping ng mga sundalo ng naturang yunit militar. Noon namang Enero 29, tatlong residente ng Panialum at Paquibato, kabilang ang isang lokal na lider ng simbahan ang pinagbubugbog ng mga sundalo ng naturang ding yunit. Apat namang myembro ng Paquibato District Peasant Alliance na residente ng Barangay Mapula, Paquibato ang binugbog ng mga sundalo noong Enero 27.

Pebrero 3. Sinalbeyds ng mga elemento ng 53rd IB si Tony Antubo, 30, isang magsasaka na taga Sityo Madagas Metsamaya, Barangay Gibo, Siayan, Zamboanga del Norte. Ito'y bilang ganti sa pananambang ng BHB-Front Feliciano sa naturang yunit ng militar. Iligal ding inaresto ng militar ang asawa niyang si Desyl at ang nakatatandang kapatid ni Antubo na si Ricky. Isinama rin ng mga sundalo ang sanggol na anak ni Desyl. Para pagtakpan ang kanilang krimen, pinalalabas ng AFP na ang tatlo ay mga myembro ng BHB.

AB

Panibagong harassment sa ST 72

Isinasangkot sa bago na namang gawa-gawang kasong *murder* ang Ianim sa pitong aktibistang taga-Southern Tagalog (ST) na kalalaya lamang nitong Pebrero 5 matapos ibasura ng korte ang inimbentong kasong *murder* laban sa kanila. Ang bagong kasong pagpatay ay kaugnay ng pagparusa ng Bagong Hukbong Bayan sa dalawang elemento ng CAFGU noong Hulyo 2008 sa Rodriguez, Rizal.

Akusado sa unang kasong *murder* ang 72 ligal na aktibista ng ST (ang tinaguriang ST 72). Lahat ng kabilang sa ST 72 ay akusado na naman sa panibagong kasong *murder*, maliban sa isa sa kanila.

Dahil sa malinaw na panggigipit sa kanila ng AFP at ng rehimeng Arroyo, naghain na ng petisyon para sa *writ of amparo* si Atty. Remigio Saladero, isa sa ST 72. Si Attorney Saladero, punong abugado ng Kilusang Mayo Uno, ay inaresto noong Oktubre 2008 sa kanyang bahay sa Antipolo City at nakulong nang tatlo't kalahating buwan sa *provincial jail* sa Calapan City, Oriental Mindoro. AB

Right of reply, pagsikil sa kalayaan sa pamamahayag

Pagsikil sa kalayaan sa pamamahayag ang Senate Bill 2150 o "*right of reply bill*", isang panukalang batas na nagtatakda sa midya na bigyan ng "pantay na oras" sa ere o espasyo sa mga balita ang sinuman o anumang institusyon na paksa ng negatibong ulat. Kung mara-mi ang tinamaan ng negatibong ulat, ang bawat isa ay kailangan umanong mabigyan ng kani-kanyang "pantay na oras." Mangangahulugan ito na mas mahaba ang kailangang ilaang espasyo para sa mga sagot kaysa sa naunang negatibong ulat. Ipinagbabawal din ang pag-eedit ng midya sa naturang sagot.

Mariing kinundena ng iba't ibang organisasyong midya ang naturang panukala. Inilarawan ito ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) bilang "akto ng terorismo laban sa midya" dahil niuyurakan nito ang kalayaan ng mga mamamahayag at kanilang karapatan sa pagtatakda ng laman ng balita. Iginigiit ng mga mamamahayag na alinsunod sa prinsipyo ng balansyadong pagbabalita, dati na nilang gawain ang kunin at ibalita ang pananaw ng dalawang panig sa isang usapin.

Anang NUKP, nagtatanim ng takot at sumisikil sa midya ang panukalang batas na ito. Ginagawa nitong krimen ang kabiguang sumunod rito at nagpapataw ito ng mabibigat na kaparusahan, kabilang ang pagbayad ng mabigat na danyos, pagkakakulong at pagsasara ng mga *media outfit*.

Sakaling maging batas, nababahala rin ang midya na sa harap ng papalapit na halalan, gagamitin ng mga pulitikong may kasalanan sa mamamayan ang "*right of reply bill*" para makaiwas sa mga negatibong ulat, dumugin ang midya at gamitin ito para sa kanilang publisidad.

Dahil sa tindi ng mga batikos, marami-rami nang mambabatas ang nag-atras ng kanilang suporta sa naturang panukalang batas na inisponsor nina Sen. Aquilino Pimentel, Jr. sa Senado at Manila Rep. Bienvenido Abante, Jr. sa Kongreso.

AB

Muling pagbuhay sa BNPP, tinutulan

Isang caravan mula Quezon City patungong Balanga, Bataan ang inilunsad noong Pebrero 23 ng mga progresibong organisasyon at syentista para ipakita ang kani-lang pagtutol sa planong muling pagbubukas ng Bataan Nuclear Power Plant (BNPP).

Ayon kay Dr. Giovanni Tapang, tagapagsalita ng NO to BNPP Revival, ang BNPP ay "patunay di lamang ng katangahan kundi ng korapsyon noong panahon ng diktadurang Marcos... Ngayon, sa pamamagitan ng mga kroni at alyado nito ay nais na namang itulak ng mas korap at mandarayang administrasyong Arroyo ang gayon ding katangahan."

Ang No to BNPP Revival ay isang multisektoral na alyansa na binubuo ng mga taong-simbahan, aktibistang makakalikasan, syentista, propesyunal pangkalusugan, magsasaka, mangingisda at grupo ng kababaihan.

Ang BNPP ay itinayo ng rehimeng Marcos noong dekada 1970 sa halagang \$2.3 bilyon at ipinasara ng rehimeng Corazon Aquino noong 1986.

Magkakahalaga ng di bababa sa \$800 milyon (₱39.2 bilyon sa palitang ₱49:\$1) ang rehabilitasyon ng BNPP at tatagal ito nang limang taon. Bukod pa rito, ang disenyo ng BNPP ay makaluma at may depektong pa. Gaya ng iba pang *nuclear power plant* na gawa ng Westinghouse sa Brazil at South Korea, ang BNPP ay palaging nag-kakaroon ng *outages* (pagkawala ng kuryente) at pagtagas ng *radioactive water*. Pinakaiwasang mangyari sa Pilipinas ang aksidenteng nangyari sa Chernobyl Nuclear Power Plant sa Ukraine (noo'y baha ng Soviet Union) noong Abril 1986 na direktang ikinamatay ng 47 manggagawa at mahigit 4,000

mamamayan sa paligid dahil sa kanser sanhi ng sumingaw na *radiation* mula sa sumabog na planta.

Sa isang pagsusuri na ginawa ng 50 ekspertong nukleyar noong panahon ni Presidente Aquino, nadiskubre nila na mayroong 40,000 depektong naturang *nuclear power plant*. Kahit matapos pa ang pagkukumpuni nito, wala pa ring katiyakan na magiging ligtas ang naturang instalasyon.

Dagdag pa rito, ang mamamayan ang kakarga sa gastusin para sa muling pagbubuhay ng planta. Kapag naaprubahan ito, kagayat na sisingilin ang ordinaryong mga konsumer ng kuryente ng ₱0.10/*kilowatt hour* para sa susunod na limang taon para pondohan ang muling pagbubukas ng planta.

Kapag tumatakbo na ang planta, sisingiling muli ang mga konsumer ng ₱0.141/kwh sa susunod na 30 taon para pondohan ang paglilinis ng BNPP.



Sa Bataan mismo, libu-libong residente ang dumalo sa *prayer rally* na inorganisa ng simbahang Katoliko. Nagpahayag na rin ng maring pagtutol sa muling pagbubukas ng planta ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP), gayundin ang ilang obispo ng United Methodist Church.

Nagpahayag din ng aktibong pagtutol ang mga mangingisda ng Central Luzon sa ilalim ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya.

AB

Kawalang-aksyon ng DOLE, binatikos ng kababaihang manggagawa


MARIING binatikos ng kababaihang manggagawa ang Department of Labor and Employment (DOLE) sa Maynila sa isang rali-protesta ng mga kasapi ng GABRIELA nitong Marso 3. Sumama rin sa kilos-protestang ginanap sa harapan ng punong tanggapan ang kababaihang manggagawa ng COATS Manila Bay na gumagawa ng sinulid.

Anila, damang-dama nila ang hagupit ng pandaigdigang krisis sa pinansya dahil nagbabawas na ang mga establisyento ng araw ng paggawa mula anim na araw sa isang linggo tungong limang araw na lamang. Nagbabawas naman ng oras ng paggawa ang mga pagawaan tulad ng Advan at SunFabric.

Ayon sa mga manggagawa ng COATS, umaabot na sa 300 ang natatanggal sa trabaho mula noong nakaraang taon. Mula Oktubre 2008, umaabot na mula 39,000 hanggang 40,191 ang iniulat na nasisante at nitong unang buwan ng 2009, umabot sa 19,000 ang natwalan ng trabaho.

Nanganib ding sibakin ang 500 *call center agents* ng Accenture-Philippines, isang kumpanyang Amerikano.

AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoism

Taon XL Blg. 5
Marso 7, 2009

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Arroyo, desperadong tuta



Desperadong kumakapit si Arroyo sa poder upang patuloy na makapagpabundat sa kurakot at umiwas sa paglilitis pagkatapos ng 2010 sa mga kaso ng pandarambong, paglabag sa karapatang-tao at iba pang krimen laban sa sangkatauhan. Desperado siyang makuha ang basbas ng kanyang impreyalistang amo para manatili siyang presidente. Bilang desperadong tuta, gayon na lamang ang kahanadaan ni Arroyo na isuko ang pambansang kasanrlan at ipagkanulo ang interes at mga karapatan ng bayan sa ikasisiya ng mga impreyalistang Amerikano.

Sa loob ng walong taon niyang panunungkulan bilang pinuno ng reaksyunaryong estado ay walang katumbas sa kasaysayan ng papet na republika ang kanyang pangangayupapa sa impreyalismong US. Kaya naman nangangamba siya sa ilang naipakikitung tila baga lumalamig na pakikitungo sa kanya ng kanyang amo.

Ilang linggo pa lamang ang nakararaan nang tumungo si Arroyo sa US. Dito'y hinabol niyang makadalo sa isang padasal kahit di siya imbitado, sa pagbabakasakaling pansinin siya roon ni Barack Obama, bagong presidente ng US, na nabalitaan niyang dadalo sa okasyon. Sabik na sabik na magpakuha si Arroyo ng litrato kasama si Obama. Pero walang naiuwing litrato si

Arroyo, sa kabilang ng ginastos niyang \$123 milyon mula sa kabang bayan para lamang sa byaheng ito.

Pinagbigyan siyang makaharap nang sandali ni Hillary Clinton, ang bagong kali-

***Mga tampok sa
isyung ito...***

**Korapsyon ng mga
Arroyo, pinagtakpan**
PAHINA 3

**Protesta laban sa VFA
at Balikatan**
PAHINA 5

**Ang pakikibaka
ng kababaihang
Tumanduk**
PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com